MUNICIPALITY OF BALIWAG
00000129

Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN
LALAWIGAN NG BULACAN

Executive Order No. 3

PAGLIPAT SA PAGTANGGAP AT PAGPROSESO NG MGA HILING NG MGA LISENSIYA AT PAHINTULOT SA PANGANGALAKAL MULA SA TANGGAPAN NG INGAT YAMAN PAPUNTA SA TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

ALINSUNOD, Section 444 (3) (iv) ng Republic Act No. 7160, o mas kilala bilang "Local Government Code of 1991", na nagsasaad na isa sa mga kapangyarihan ng Punong Bayan ay ang maglabas ng mga lisensiya at mga pahintulot kasama na ang sa pangangalakal.

DATAPWA'T, sa kasalukuyan, ang Tanggapan ng Ingat Yaman ang siyang namamanihala sa paglalabas ng mga lisensiya at pahintulot sa pangangalakal (business licenses and permits).

NGAYON NGA'Y, AKO, FERDINAND V. ESTRELLA, Punong Bayan ng Bayan ng Baliwag, Bulacan, sa pamamagitan ng kabutihan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-uutos na:

Ilipat ang pagtanggap at pagproseso ng mga hiling (application) ng mga lisensiya at pahintulot sa pangangalakal (business licenses and permits) mula sa **Tanggapan ng Ingat Yaman** papunta sa **Tanggapan ng Punong Bayan / Tanggapan ng Pambayang Tagapangasiwa,** simula nitong ika-lima ng Hulyo taong dalawang libo't labing anim.

GINAWA sa Bayan ng Baliwag, Bulacan, ngayong ika-lima ng Hulyo, sa taon ng ating Panginoon, dalawang libo labing anim.

FERDINAND V. ESTRELLA
Punong Bayan

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG

Dapat Serbisyong may Malasakit